## APPLICATION

- Magbanggit ng tatlong pangalan ng iyong kaibigan o kaanak na hindi pa kilala si Jesus. Ipanalangin ang kanilang kaligtasan at manalig sa Diyos para sa mga pagkakataon na maibahagi ang ebanghelyo sa kanila.
- Papaano ka makikipag-ugnayan sa kinalalagyan mong kultura at komunidad ngayong linggo?
- Alam mo ba kung paano magbahagi ng ebanghelyo? Alam mo ba kung paano ibahagi ang pagbabagong ginawa ng Diyos sa iyong buhay? Ano ang maaari mong gawin upang mapalago mo ang iyong lakas ng loob na ibahagi si Jesus sa iba?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos para sa sakripisyo ni Jesus sa krus at para sa kaligtasan na ating tinanggap.
- Hilingin sa Banal na Espiritu na puspusan ka ng kapangyarihan na maging Kanyang testigo at upang ang mga tanda at himala ay iyong taglayin sa iyong pagpapahayag ng ebanghelyo. Manalangin para sa tapang at talino.
- Manalangin para sa mga kakilala mo na hindi pa alam ang Mabuting Balita na sila'y manalig sa Diyos para sa kanilang kaligtasan.

VICTORY

Copyright © 2014
Permission to photocopy this material from Victory® is granted for local church use. This is not for sale.
victory.org.ph




FILIPINO **WEEK 2**

# Ang Siyamnapu't Siyam at ang Isa

## NOTES

## WARM-UP

- Gusto mo bang nakakakilala ng mga estranghero at iba pang tao? Bakit o bakit hindi?
- Balikan ang panahon na nagkusa kang tumulong sa iba. Anong nangyari?
- Gusto mo bang nagsasalita sa harap ng publiko? Bakit o bakit hindi?

**WORD**

*[4]"Kung kayo ay may 100 tupa at nawala ang isa, ano ang gagawin ninyo? Hindi ba't iiwan ninyo ang 99 sa parang at hahanapin ang nawawala hanggang sa makita ninyo? [5]At kapag nakita na ninyo, masaya n'yo itong papasanin pauwi. [6]Pagkatapos, tatawagin ninyo ang mga kaibigan at kapitbahay ninyo at sasabihin sa kanila, 'Makipagsaya kayo sa akin, dahil nakita ko na ang nawawala kong tupa'". [7]At sinabi ni Jesus, "Ganoon din sa langit, masayang-masaya sila roon dahil sa isang makasalanang nagsisisi kaysa sa 99 na matuwid na hindi nangangailangang magsisi."*
**LUCAS 15:4-7**

---

Nang si Jesus ay namatay sa krus para sa atin, binayaran Niya ang parusa para sa ating mga kasalanan. Dahil tayo ay mga makasalanan at hindi natin kailanman maililigtas ang ating sarili, Siya ay naging kapalit natin at hinandugan Niya tayo ng kapatawaran para sa ating mga kasalanan. Wala tayong magagawa upang tayo ay bumuti o maging matuwid, kundi ang Diyos lang, na sa pamamagitan ng Kanyang pag-ibig at awa ay gumawa ng daan para sa atin na makilala Siya at magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan. Ang ebanghelyo, ang Mabuting Balita na ito, ay makapangyarihan at nakakapagpabago ng buhay—hindi lang para sa atin kundi para sa lahat ng mga nananalig. Tulad ng ng isang pastol na hinanap ang isang tupa na nawala, tayo ay hinirang na iwanan ang siyamnapu't siyam upang hanapin ang isa. Ang pangangalat ng Mabuting Balita ay simpleng pagbabahagi sa iba tungkol sa solusyon ng Diyos para sa kasalanan at Kanyang dakilang pagmamahal para sa atin. Sa araling ito, makikita natin kung papaano natin maipapahayag sa iba ang ebanghelyo ni Kristo Jesus.

## 1 Patuloy na manalangin.

*[3]Ipanalangin n'yo rin na bigyan kami ng Diyos ng pagkakataon na maihayag ang mensahe tungkol kay Kristo na inililihim noon. Ang pangangaral ko tungkol dito ang dahilan ng pagkabilanggo ko. [4]Ipanalangin n'yo na maipangaral ko ito nang mabuti, gaya nang nararapat.* **COLOSAS 4:3,4**

*Sinabi niya sa kanila, "Marami ang aanihin ngunit kakaunti ang tagapag-ani. Kaya idalangin ninyo sa Panginoon, na siyang may-ari ng anihin, na magpadala siya ng mga tagapag-ani."* **LUCAS 10:2**

Ang ipangaral sa iba kung sino ang Diyos at ano ang Kanyang ginawa sa ating buhay, kailangan nating manalangin. Nanalangin si Pablo para sa pagbukas ng mga pintuan at katapangan, sa kabila ng mga oposisyon. Nangusap sa atin si Jesus na manalangin tayo para sa karagdagang manggagawa. Sino ang Panginoon ng tag-ani?

Bakit kailangan nating patuloy na manalangin habang nagbabahagi ng Mabuting Balita?

## 2 Maparaang makipag-ugayan.

*[1]Maraming maniningil ng buwis at iba pang mga itinuturing na makasalanan ang pumunta kay Jesus upang makinig sa kanya. [2]Kaya nagreklamo ang mga Pariseo at mga tagapagturo ng Kautusan. Sinabi nila, "Ang taong ito'y tumatanggap ng mga makasalanan at kumakaing kasama nila."* **LUCAS 15:1,2 (BASAHIN DIN ANG LUCAS 15:3-7)**

Si Jesus ay kilalang "kaibigan ng mga makasalanan," ngunit Siya'y walang kasalanan. Maparaan Niyang inuugnay ang mga taong ligaw, sa pangunahing layuning maibalik sila sa Diyos. Kaniyang pinaabot ang pagmamahal, awa, at biyaya sa mga 'di karapat-dapat. Bakit sa palagay mo sinabi ni Pablo na tayo ay dapat makibagay sa lahat ng tao na kahit papaano na may ilang mailigtas (1 Corinto 9:22)? Papaano mo malayuning aabutin, kakatagpuin, at uugnayin ang mga hindi pa kilala si Jesus?

## 3 Magbahagi ng buong tapang.

*. . . Dapat lagi kayong handang magpaliwanag sa kanino mang magtatanong sa inyo tungkol sa pag-asa n'yo.* **1 PEDRO 3:15**

*Hindi ko ikinakahiya ang Magandang Balita tungkol kay Kristo, dahil ito ang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng lahat ng sumasampalataya . . .* **ROMA 1:16**

Maaari tayong manalangin para sa mga naliligaw, pagsilbihan sila, at anyayahan sila sa pananambahan, ngunit ang pinakamahalaga sa lahat na maaari nating gawin ay maibahagi sa kanila ang ebanghelyo. Kailangan natin silang bigyan ng kasagutan ayon sa ating pinaniniwalaan. Ano ang ibig sabihin ng "ang maging laging handa"? Papaano tayo magiging handa? Papaano tayo makapagbabahagi ng ebanghelyo ng buong tapang bilang mga testigo ni Kristo (Acts 1:8)?